## Ang Baka ni Biboy

Si Biboy ay may alagang baka. Ang pangalan ng baka ay Biko. Malusog at mataba ang alagang baka ni Biboy. Marami itong binibigay na gatas sa mga bata. Tuwing umaga ay pinakakain niya ito ng sariwang damo. Kaya naman masaya ang bakang si Biko.

**Tanong:**

1. Ano ang alaga ni Biboy?
2. Ano ang pangalan ng alaga niya?
3. Ano ang ibinibigay ni Biko sa mga bata?
4. Ano ang pinakakain ni Biboy kay Biko?

## Ang Manika ni Mika

Ang manika ni Mika ay luma na. Bigay ito ng kanyang Mama Mina noong ika-anim na kaarawan niya. Paborito niya itong laruin kahit ito ay luma na. Maitim at mahaba ang kulot na buhok ng manika. Ang pangalan ng manika ay Mila. Lagi niya itong dala kahit saan siya magpunta.

**Tanong:**

1. Sino ang may lumang manika?
2. Sino ang nagbigay nito?
3. Ano ang pangalan ng manika?

LIVEWORKSHEETS